

Malamig at Napakainit na Panahon



Malamig at Napakainit na Mga Babala ng Panahon

Ang Hong Kong ay dumaranas ng parehong mainit at malamig na panahon. Pinapanatili ng Obserbatoryo ang pagtutok sa mga pagbabago ng lokal na temperatura. Naglalabas ito ng mga babala kapag ang Hong Kong ay nasa panganib ng malamig o napakainit na panahon, upang abisuhan ang publiko sa peligro ng pagbaba ng temperatura ng katawan sa malamig na panahon o sa peligro ng heatstroke at pagkasunog ng balat sa napakainit na panahon.

Sa sandaling nailabas, ang mga babala ay isinasahimpapawid sa radyo at telebisyon. Kung kinakailangan, ang Obserbatoryo ay magsasagawa ng pagtatagubilin sa media, kung saan ang mga miyembro ng publiko ay pinapaalalahanan na gumawa ng mga kinakailangang pag-iingat.

Kung ang malamig o napakainit na panahon ay nagpapatuloy habang ang kaukulang babala sa panahon ay nakataas, uulitin ng Obserbatoryo ang espesyal na anunsyo upang paalalahanan ang publiko na gumawa ng mga kinakailangang hakbang.

Ang mga babalang ito ay naghuhudyat din sa mga kaugnay na kagawaran ng pamahalaan, tulad ng Kagawaran ng Home Affairs upang isaalang-alang ang pangangailangan sa paggawa ng mga hakbang, tulad ng pagbubukas ng mga pansamantalang tirahan.

Mga hakbang na gagawin para sa Babala ng Malamig na Panahon



1. Ang mga tao ay pinapayuhang magsuot ng maiinit na kasuotan upang maiwasan ang masamang epekto sa kalusugan dahil sa malamig na panahon. Kailangan mo ring tiyakin ang sapat na panloob na bentilasyon.
2. Kung kailangan mong lumabas, mangyaring iwasan ang matagal pagkalantad sa malamig na hangin.
3. Kung may alam kang matanda o taong nag-iisa na may malalang medikal na kalagayan, mangyaring tawagan o bisitahin sila paminsan- minsan upang malaman kung kailangan nila ng anumang tulong.
4. Tiyaking ang pampainit ay ligtas bago gamitin, at ilayo sila sa mga gamit madaling masunog. Huwag magsindi ng apoy sa loob bilang paraan upang magpainit.
5. Mangyaring tiyakin na maraming sariwang hangin sa iyong silid kapag ikaw ay gumagamit ng dating uri ng pampainit sa tubig gamit ang gas.

Babala sa Pagyeyelo



Kung inaasahan ng Obserbatoryo ang kaganapang pagyeyelo ng lupa sa matataas na lupa o sa New Territories, ang Babala sa Pagyeyelo ay ilalabas upang bigyan hudyat ang mga magsasaka at iba pang may kinalaman upang gumawa ng kinakailangang mga hakbang sa pag-iingat laban sa pinsala ng pagyeyelo sa mga halaman.

Abiso at Pagwawaksi sa Karapatan ng Intelektwal na Pag-aari (Sa Ingles) :



Mga hakbang na gagawin para sa Babala ng Napakainit na Panahon

1. Kapag nakikibahagi sa mga panlabas na trabaho o gawain, uminom ng maraming tubig at iwasan ang labis na pagpapagod. Kapag hindi maayos ang pakiramdam, kaagad na magpahinga sa lilim o sa isang mas malamig na lugar.
2. Ang mga taong nananatili sa loob na walang aircon ay dapat panatiliing bukas ang mga bintana hangga't maaari upang matiyak na mayroong sapat na bentilasyon.
3. Iwasan ang matagal na pagkabilad sa araw. Ang maluluwag na kasuotan, angkop na mga sumbrero at mga salamin na pangharang sa UV ay maaaring makabawas sa peligro ng pagkasunog sa araw sanhi ng solar ultraviolet radiation.
4. Ang mga manlalangoy at mga nakikilahok sa mga gawaing panlabas ay dapat gumamit ng sunscreen lotion na SPF 15 o higit pa, at dapat maglapat muli nito nang madalas.
5. Mag-iingat sa kalusugan at kapakanan ng mga matatanda o taong nag-iisa na may malalang medikal na kalagayan. Kung may alam kang katulad nila, mangyaring tawagan o bisitahin sila paminsan- minsan upang matingnan kung kailangan nila ng anumang tulong.

Espesyal na Hudyat sa Mainit na Panahon

Sa ilalim ng mga kalagayan tulad ng mataas na temperatura, mataas na kahalumigmigan at mahinang hangin habang ang lagay ng panahon ay nananatili sa ibaba ng antas ng pagpapalabas ng Babala ng Napakainit na Panahon, ang mga tao ay maaaring nasa peligro pa rin ng heat stroke kung hindi sila gagawa ng naaangkop na pag-iingat. Ilalabas ng Obserbatoryo ang "Espesyal na Hudyat sa Mainit na Panahon" kung ang naturang mga kalagayan ng panahon ay inaasahan. Ang hudyat ay magbibigay paalala sa publiko nang maaga hangga't maaari upang maiwasang maapektuhan ng mainit na panahon, lalu na ang nakikibahagi sa panlabas na trabaho o mga gawain. Dapat nilang bigyan pansin ang kanilang mga kalagayan sa kalusugan, uminom ng maraming tubig at gumawa ng naaangkop na mga hakbang sa proteksyon laban sa init.

Mahalagang pansinin ng mga miyembro ng publiko ang mga babala at ulat na ito, at gumawa ng mga hakbang ubang proteksyunan ang kanilang mga sarili at pamilya laban sa malamig o napakainit na panahon. Mangyaring sumangguni sa mga sumusunod na pamamaraan para sa pinakahuling lagay ng mga babala ng panahon:

- Mga pagsasahimpapawid sa radyo at telebisyon
- Serbisyong "Dial-a-Weather": **1878 200**
- Websayt ng Obserbatoryo: <http://my.weather.gov.hk/personalized-website/tagalog>
- Mobile App na "MyObservatory": <http://www.hko.gov.hk/en/myobservatory.htm> o i-scan ang QR code sa ibaba



iPhone



Android



Windows Phone

Cold and Very Hot Weather



Cold and Very Hot Weather Warnings

Hong Kong experiences both hot and cold seasons. The Observatory maintains a close watch on the local temperature changes. It issues warnings whenever Hong Kong is threatened by cold or very hot weather, to alert members of the public of the danger of low body temperature in cold weather or the risk of heatstroke and sunburn in very hot weather.

Once issued, the warnings are broadcast over radio and television. If necessary, the Observatory will hold press briefings, through which members of the public are reminded to take necessary precautions.

If cold or very hot weather persists while the corresponding weather warning is in force, the Observatory will repeat the special announcements to remind the public to take necessary actions.

These warnings also alert relevant government departments, such as the Home Affairs Department to consider the need to take actions, such as the opening of temporary shelters.

Actions to be taken for Cold Weather Warning



1. People are advised to put on warm clothes and to avoid adverse health effects due to the cold weather. You must also ensure adequate indoor ventilation.
2. If you must go out, please avoid prolonged exposure to wintry winds.
3. If you know of elderly persons or persons with chronic medical conditions staying alone, please call or visit them occasionally to check if they need any assistance.
4. Make sure heaters are safe before use, and place them away from any combustibles. Do not light fires indoors as a means to keep warm.
5. Please ensure that there is plenty of fresh air in your room when you are using an old-type gas water heater.

Frost Warning



When the Observatory expects ground frost to occur on high ground or in the New Territories, Frost Warning will be issued to alert farmers and others concerned to take necessary precautionary measures against frost damage to vegetation.



Actions to be taken for Very Hot Weather Warning

1. When engaged in outdoor work or activities, drink more water and avoid over exertion. If not feeling well, take a rest in the shade or cooler place as soon as possible.
2. People staying indoors without air-conditioning should keep windows open as far as possible to ensure that there is adequate ventilation.
3. Avoid prolonged exposure under sunlight. Loose clothing, suitable hats and UV-blocking sunglasses can reduce the chance of sunburn by solar ultraviolet radiation.
4. Swimmers and those taking part in outdoor activities should use a sunscreen lotion of SPF 15 or above, and should re-apply it frequently.
5. Beware of health and wellbeing of elderly persons or persons with chronic medical conditions staying alone. If you know of them, call or visit them occasionally to check if they need any assistance.

Hot Weather Special Advisory

Under such situations as high temperature, high humidity and light winds while the weather conditions remain below the level for issuing Very Hot Weather Warning, people may still be exposed to the risk of heat stroke if they do not take appropriate precautions. The Observatory will issue the "Hot Weather Special Advisory" when such weather conditions are expected. The advisory serves to remind the public as early as possible to avoid being affected by hot weather, especially for those engaging in outdoor work or activities. They should pay attention to their health conditions, drink more water and take appropriate protective measures against the heat.

It is important that members of the public take note of these warnings and advisory, and take steps to protect themselves and their family against cold or very hot weather. Please refer to the following channels for the updated status of weather warnings:

- Broadcasts on radio and television
 - "Dial-a-Weather" service: **1878 200**
 - Observatory's website: <http://www.hko.gov.hk/en/>
 - Mobile App "MyObservatory":
<http://www.hko.gov.hk/en/myobservatory.htm>
- or scan the QR code below



iPhone



Android



Windows Phone